

## 2. Pagpapatingin sa doktor

### Manggagamot (General Practitioners)

- ang karamihan ng mga tao sa Australia ay nagtutungo sa isang doktor pampamilya kung sila ay may problema sa kalusugan o kailangang magpatingin. Ang mga doktor pampamilya ay tinatawag ring panlahatang doctor/ manggagamot ("general practitioners" (GP))
- ang mga doktor pampamilya ang tumitingin sa iyong pangkalahatang kalusugan ng katawan at damdamin at sila ang unang pinupuntahan ng mga tao para sa problema sa kalusugan maliban lamang kung ito ay isang emerhensya o biglaang pagkakasakit
- ang mga doktor pampamilya ang magsasabi kung kailangan mo ng anumang mga pagsusuri, makipagkita sa isang espesyalista, pumasok sa isang ospital, o kung sila mismo ang maaring gumamot sa iyong problemang pangkalusugan
- ang mga doktor pampamilya ay nagtatrabaho sa mga maliit na opisina o klinika na kung tawagin ay 'medical centres' o 'surgeries'. Karamihan sa mga ito ay bukas mula 9 n.u hanggang 5 n.h. Lunes hanggang biyernes ngunit mayroong bukas nang mas mahabang oras, at sabado at linggo. Mga ilan lamang ang bukas ng 24 oras araw-araw
- malaya kang makakapili ng sarili mong doktor pampamilya. Mahalagang ikaw ay nasisiyahan sa iyong doktor pampamilya. Kung hindi, malaya kang pumili ng ibang doctor.
- magtanong sa mga kaibigan, kapamilya o sa mga tao sa inyong komunidad kung sinong doctor pampamilya ang mairerekomenda nila na marunong gumamit ng interprete na nagsasalita ng iyong wika. Makakapamilya rin ng doctor pampamilya sa Pahinang Dilaw (Yellow Pages) ng direktoryo ng telepono, sa listahan ng mga Propesyonal na Medikal (Medical Practitioners).

### Mga Appointment

- makipag-ayos ng appointment bago pumunta sa doktor
- ang mga appointment ay kalimitang maikli (10- 15 minuto) ngunit maaaring humiling ng mas mahabang appointment kung kailangan, habang nagpapalista
- kung hindi ka gumawa ng isang appointment, maaari kang paalisin o paghintayin nang matagal. na matagal
- ang bawat appointment ay para sa isang tao lang
- kung hindi ka makakarating sa appointment, dapat mong tawagan ang iyong doktor at kanselahin ito
- mapapakinabangan nang husto ang iyong pagbisita sa doktor kung isusulat mo ang gusto mong ikonsulta at dadalhin ang isinulat sa doctor
- sabihin sa doktor ang lahat ng mga gamot na ginagamit mo, kabilang na ang mga tradisyonal na remedyo, mga bitamina, damong-gamot (herbs) at iba pa.
- dalhin at ipakita sa doktor ang mga gamot na kasalukuyang iniinom mo



Interpreter

### Mga Tagasalin sa Wika/Interprete - Linya ng Priyoridad para sa mga Doktor (Doctors Priority Line)

- ang mga doktor pampamilya at mga pribadong espesyalista ay makakagamit ng interprete na walang kabayaran, pitong araw isang linggo, 24 oras araw-araw, upang mapahusay ang pag-uusap ninyo.
- ang doktor ay maaaring tumawag sa 'Doctors Priority Line' sa 1300 131 450 para makakuha ng taga-salin/interprete sa telepono o kaya'y makipag-ayos para makapunta ang interprete kung saan man mangyayari ang konsultasyon. Dapat humiling ka ng interprete habang nagsasagawa ng tipanan o appointment upang mapadali ang pag-aayos nito.

## 2. Pagpapatingin sa doktor

### Pagbabayad sa doktor

- may mga doktor na nagba-‘bulk bill’ ng kanilang mga pasyente. Ang ibig sabihin nito ay libre ang iyong pagbisita sa doktor pampamilya dahil ang Pamahalaang Federal ang nagbabayad sa doktor sa pamamagitan ng Medicare
- kung ang iyong doktor ay hindi nagba-‘bulk bill’, ikaw muna ang magbabayad sa doktor at pagkatapos ay hihingin mo sa Medicare, sa pamamagitan ng iyong resibo, ang ilang bahagi ng perang ibinayad mo. Ang ibig sabihin nito ay babayaran mo lang ang kakulangan
- ikaw ay maaari lamang magpa-‘bulk bill’ o makakuha ng pera mula sa Medicare kung ikaw ay mayroong Medicare Card. Para malaman kung paano makakakuha ng Medicare Card, o kung paano maging karapatdapat sa Card, at para makita ang listahan ng kabayaran, tawagan ang 13 20 11 o maghanap sa <http://www.medicareaustralia.gov.au/>.

### Mga Espesyalistang doktor

- maaring naisin ng iyong doktor pampamilya na magpatingin ka sa isang espesyalistang doktor kung kailangan mo ng iba pang pagsusuri o paggagamot. Ang mga espesyalista ay mga doktor na may higit na kasanayan sa mga partikular o natatanging mga problema sa kalusugan
- karaniwan, makakapunta sa mga espesyalista kung mayroong sulat ng rekomendasyon (‘referral’) mula sa isang doktor pampamilya. Maaari kang magpatingin sa isang espesyalista nang hindi nagdadaan sa doktor pampamilya. Pero mas maliit ang ibabawas ng Medicare sa iyong binayaran kung walang sulat ng rekomendasyon o ‘referral’.
- ang mga bayad sa espesyalista ay kalimitang mas mataas kaysa sa bayad sa pampamilyang doktor. Hindi nagbaba-‘bulk bill’ ang karamihan ng mga espesyalista. Mahalagang alamin kung ano ang kabayaranang sisingilin.
- mairerekomenda ka rin ng iyong doktor pampamilya sa isang espesyalistang nasa ospital na publiko. Maaaring kailangan kang maghintay-hintay bago makakuha ng appointment. Hindi ka magbabayd kung pupunta ka sa mga espesyalista sa klinika ng mga pasyenteng panlabas (outpatient clinic) sa mga ospital na publiko. Nagtratrabaho rin ang mga espesyalista sa mga klinika ng pampridadong paggagamot na sakop ng mga ospital na publiko.

Espesyalitang doktor	Tumitingin sa
Allergist/Immunologist	sistema ng resistensiya (immune system) halimbawa. mga allergy, hika
Cardiologist	puso
Dermatologist	sakit sa balat
Endocrinologist	glandula at mga hormon halimbawa. diyabetes
Gastroenterologist	tiyan, mga bituka, panunaw
Geriatrician	matatanda
Gynecologist	mga bahaging henital/seksual ng babae
Hematologist	dugo
Hepatologist	atay
Infectious Disease Physician	sakit na naikakalat sa ibang tao halimbawa. tigdas, HIV
Medical Oncologist	paggamot sa kanser
Nephrologist	mga bato (kidneys)
Neurologist	utak
Obstetrician	Pagpapa-anak
Occupational Physician	pinsala/sakit na may kaugnayan o nangyari dahil sa pagtratrabaho
Ophthalmologist	mata, paningin
Orthopaedist	buto, kalamnan kasu-kasuan
Otolaryngologist/ENT Physician	mga tainga, ilong at lalamunan
Paediatrician	mga bata
Pathologist	mga selyula (cells) at kalamnan ng katawan para matukoy ang sakit
Pharmacologist	epekto ng mga gamot/droga sa katawan ng tao
Palliative Medicine Physician	pagbabawas ng paghihirap at pagpapahaba ng buhay ng maysakit na may taning na ang buhay
Psychiatrist	sakit sa isip
Radiologist	kumukuha at nagbibigay-kahulugan sa litrato ng mga bahagi ng loob ng katawan (halimbawa x-rays)
Rheumatologist	kalamnan, kalansay halimbawa. rayuma
Surgeon	operasyon
Thoracic medicine	dibdib, paghinga
Urologist	pag-ihi, daanan ng ihi kabilang ang mga bato, pantog (bladder) at bukana ng daanan ng ihi (urethra)

## 2. Pagpapatingin sa doktor

### Mga Gamot

- ang iyong doktor pampamilya at /o espesyalista ay makapagbibigay sa iyo ng reseta para sa gamot. Dapat mong dalhin ang reseta sa isang botika/parmasya
- dapat mong dalhin ang iyong Medicare Card, Health Care Card o Pension Concession Card sa botika/parmasya kung mayroon ka. Tawagan ang Centrelink Multilingual sa teleponong 131 202 para sa impormasyon tungkol sa pagiging karapatdapat sa mga kard na ito
- pababayaran sa iyo ang iyong gamot subali't ang karamihan ng mga gamot ay mas mura para sa mga taong may mga ganitong kard
- para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang Pulyeto ng Impormasyon 3 Mga Gamot

Ang polyeto ng impormasyon na ito ay nasa mga 10 serye . Ang kompletong set:

1. Sistemang pangkalusugan sa Queensland
2. Pagpapatingin sa doktor
3. Mga gamot
4. Mga ospital sa Queensland
5. Mga sentrong pangkalusugan ng komunidad
6. Mga serbisyong dental o para sa ngipin
7. Mga magkaka-ugnay na serbisyong pangkalusugan
8. Pananatiling malusog at pag-iwas sa sakit
9. Mga serbisyong pangkalusugan at pangsuporta para sa mga partikular na grupo
10. Ikaw at ang sistema ng serbisyong pangkalusugan